# MGA MADALAS ITANONG TUNGKOL SA SUPORTADONG PAGPAPASYA PARA SA MGA INDIBIDWAL NA MAY KAPANSANAN SA INTELEKTWAL AT PAG-UNLAD (INTELLECTUAL AND DEVELOPMENTAL DISABILITY, I/DD)

Noong Setyembre 30, 2022, pinirmahan ni Gobernador Newsom ang Assembly Bill (AB) 1663 at naging epektibo ito noong Enero 1, 2023. Binabago ng AB 1663 ang probate conservatorship system upang tulungan ang mga nasa hustong gulang na may kapansanan sa pag-unlad at nangangailangan ng suporta upang mamuhay nang naaayon sa sariling pagpapasya. Nakatuon ang mga bagong probisyon sa pagbibigay sa mga nasa hustong gulang na may kapansanan at mga matatanda ng mga hindi gaanong naglilimitang mga alternatibo sa conservatorship at ginagawang mas madali para sa isang conservatee na wakasan ang conservatorship.

**Q1. Ano ang nangyayari kapag nasa hustong gulang na ang isang indibidwal na may I/DD?**

A1. Ang mga indibidwal na may I/DD ay may parehong mga karapatan gaya ng iba pang mga nasa hustong gulang kapag naging 18 taong gulang na sila. Kabilang sa mga ito ang karapatan na:

- Magpasya kung saan titira.
- Magpasya kung at saan magtatrabaho.
- Gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga serbisyo na natatanggap nila mula sa mga paaralan, kolehiyo, at regional center.
- Pumasok sa mga kontrata.
- Sumang-ayon sa medikal na paggamot,
- I-access ang kanilang mga kumpidensyal na record,
- Bumoto
- Magpakasal.

**Q2. Kung ang isang nasa hustong gulang na may I/DD ay nagpabatid ng pangangailangan para sa suporta sa paggawa ng mga desisyon, paano sila masusuportahan?**

A2. Maraming paraan upang tulungan ang mga nasa hustong gulang na may I/DD na gumawa ng mga desisyon. Kabilang dito ang suportadong pagpapasya, mga direktiba sa pangangalagang pangkalusugan, mga kinatawan ng mga binabayaran (payee), pahintulot na maglabas ng kumpidensyal na impormasyon at awtorisadong mga kinatawan.

**Q3. Ano ang suportadong pagpapasya (supported decision-making, SDM)**?
A3. Ang SDM ay tumutulong sa mga nasa hustong gulang na may I/DD na gumawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang mga buhay. Nagbibigay ito ng suporta upang makakagawa ang mga indibidwal ng kanilang sariling mga desisyon. Hinahayaan ng SDM ang isang indibidwal na pumili ng isa pang nasa hustong gulang na tutulong sa kanila na gumawa ng mga desisyon. Maaari itong isang pinagkakatiwalaang kapamilya, mga kaibigan, o iba pang tao. Ang taong ito ay tinatawag na "tagasuporta". Narito ang impormasyon tungkol sa iba't ibang paraan upang suportahan ang pagpapasya: https://selfhelp.courts.ca.gov/options-help-someone-impairment-or-disability

**Q4. Paano matutulungan ng isang tagasuporta ang isang tao na may I/DD na gumawa ng mga desisyon?**
A4. Hindi gumagawa ng mga desisyon ang tagasuporta para sa indibidwal. Ang isang tagasuporta ay tumutulong sa isang tao na may I/DD na pag-isipan ang at gumawa ng kanilang sariling mga desisyon. Maraming paraan na makatutulong ang isang tagasuporta:

- **Kumuha ng impormasyon at tumulong na maghanda para sa mga pagpupulong**. Halimbawa, maipapaliwanag ng isang tagasuporta ang mga ulat ng progreso sa Individual Education Program (IEP). Makakatulong din ang tagasuporta sa nasa hustong gulang na may I/DD na mag-isip ng mga bagong layunin, tulad ng layunin na pag-aralan ang mga opsyon sa karera pagkatapos ng high school.
- **Ipaliwanag kung ano ang sinasabi sa isang pagpupulong**. Halimbawa, sa isang pagpupulong tungkol sa Individual Program Plan (IPP), maaaring mag-alok ang regional center ng ilang paraan upang makakuha ng pagsasanay sa kakayahang mamuhay mag-isa. Maaaring i-break down ng tagasuporta ang mga opsyon, para mas madali itong maunawaan.
- **Ipabatid ang mga desisyon sa ibang tao**. Halimbawa, maaaring tulungan ng isang tagasuporta ang isang nasa hustong gulang na may I/DD na ipaliwanag kung bakit nais nilang isama ang isang layunin sa IPP tungkol sa pag-aaral na pangasiwaan ang kanilang pera.
- **Tiyakin na gagalangin ang mga desisyon**. Halimbawa, maaaring tumulong ang isang tagasuporta na mag-set up ng mga pagpupulong upang tiyakin na naibibigay ang mga serbisyo. Makakatulong din ang isang tagasuporta na mag-set up ng isang pagpupulong sa IEP upang malaman kung paano ibinibigay ang mga opsyon para sa pagkatapos ng high school.

**Q5. Ano ang mga responsibilidad ng isang tagasuporta?**
A5. Kapag sinusuportahan ang isang nasa hustong gulang na may I/DD, ang isang tagasuporta ay dapat na:

1. Suportahan at ipatupad ang mga desisyon at pagpili ng indibidwal.
2. Igalang ang kanilang mga pinahahalagahan, paniniwala, at preperensya.
3. Kumilos nang tapat, masipag, at nang may mabuting hangarin.
4. Magbigay ng suporta lang sa mga aspeto kung saan nais nila ng tulong.
5. Panatilhing kumpidensyal ang impormasyon.
6. Hindi gumawa ng mga desisyon o pumirma ng mga dokumento sa ngalan nila. Maaari lang nilang gawin ito kapag mayroon silang isa pang legal na dokumento na nagbibigay sa kanila ng awtoridad na iyon.

Hindi kailanman makapagbibigay ng suporta ang isang tagasuporta kapag mayroon silang salungatan ng interes.

**Q6: Paano gumagana ang SDM?**
A6: Pleksible ang suportadong paggawa ng desisyon (supported decision-making, SDM). Pinipili ng nasa hustong gulang na may I/DD ang mga aspeto kung saan nais nila ng suporta at ang uri ng suporta na pinakamainam para sa kanila. Mayroong dalawang uri ng SDM: di pormal na SDM o may nakasulat na kasunduan sa SDM.

**Q7: Paano gumagana ang di pormal na SDM?**
A7: Maaaring hilingin ng isang nasa hustong gulang na may I/DD sa isang tagasuporta na dumalo ng pagpupulong kasama niya. Maaaring kabilang dito ang isang pagpupulong sa IEP o IPP. Maaaring kasama rin dito ang pagpunta sa doktor o iba pang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, o sa bangko.

Upang gamitin ang di pormal na SDM, sinasabi ng taong may I/DD na nais nilang may tagasuportang tutulong sa kanila sa isang pagpupulong. Maaari nilang sabihin ito sa pamamagitan ng pagsasalita, paggamit ng alternatibong komunikasyon tulad ng mga muwestra, o panteknolohiyang device.

Pinahihintulutan ang tagasuporta na sumali sa pagpupulong maliban sa mga limitadong kalagayan. Maaaring hindi isama ng isang partido sa pagpupulong ang tagasuporta kung makatwiran silang naniniwala na may panloloko, pamimilit, pang-aabuso, o iba pang pagkilos na dapat iulat ng partido sa ilalim ng mga batas sa pang-aabuso.

**Q8. Ano ang nakasulat na kasunduan sa SDM?**
A8. Ang isang nakasulat na kasunduan sa SDM ay isang pormal na dokumento sa pagitan ng isang nasa hustong gulang na may I/DD at isa o higit pang mga tagasuporta. Ang kasunduan ay dapat nasa payak na wika at may kasamang partikular na impormasyon. Maaari ding kabilang sa kasunduan ang mga imahe, video, o maaari din itong basahin nang malakas bukod pa sa nakasulat na dokumento. Dapat itong pirmahan ng indibidwal na may I/DD at ng bawat tagasuporta. Dapat itong masaksihan ng isang notaryo publiko o dalawang nasa hustong gulang na walang personal na interes sa kaso. Dapat suriin ang isang nakasulat na kasunduan sa SDM nang hindi bababa sa kada dalawang taon. Kung inupdate ang kasunduan, dapat itong pirmahan uli.

**Q9. Ano ang dapat nasa nakasulat na kasunduan sa SDM?**
A9. Dapat kasama sa isang nakasulat na kasunduan sa SDM ang sumusunod na impormasyon:

1. Isang listahan ng mga aspeto kung saan nais ng taong may I/DD ang suporta.
2. Isang listahan ng mga aspeto kung saan sumasang-ayon na tumulong ang tagasuporta. Maaaring may isa o higit pang mga tagasuporta.
3. Magbigay ng impormasyon at mga kopya ng iba pang mga dokumento sa pagdedesisyon tulad ng power of attorney o form para sa awtorisadong kinatawan.
4. Dapat sabihin ng tagasuporta na kwalipikado sila na magbigay ng suporta.
5. Ang impormasyon na nagsasabi sa nasa hustong gulang na may I/DD tungkol sa kanilang karapatan na mag-file ng report kung sa tingin nila na naging biktima o inabuso sila ng isang tagasuporta. Makikita rito ang higit pang impormasyon tungkol sa pagiging biktima at pang-aabuso: [www.dds.ca.gov/wp-content/uploads/2020/12/Tip_Sheet_Abuse_Vend_UnderstandingAbuse_english.pdf](www.dds.ca.gov/wp-content/uploads/2020/12/Tip_Sheet_Abuse_Vend_UnderstandingAbuse_english.pdf)

**Q10. Maaari bang wakasan ang isang nakasulat na kasunduan sa SDM?**
A10. Oo, maaaring wakasan ng nasa hustong gulang na may I/DD o ng tagasuporta ang kasunduan anumang oras. Magtatapos ang SDM kapag pumanaw ang nasa hustong gulang na may I/DD. Magtatapos din ito kapag ang isang tagasuporta ay hindi nakakatugon sa mga legal na kinakailangan para maging isang tagasuporta.

**Q11. Sino ang hindi maaaring maging isang tagasuporta?**
A11. Ang isang indibidwal ay hindi maaaring maging tagasuporta kung gumawa ng paratang ang nasa hustong gulang na may I/DD tungkol sa pang-aabuso o pagpapabaya o nakakuha ito ng protective order laban sa tagasuporta.

Ang isang indibidwal ay hindi maaaring maging isang tagasuporta kung pinigilan ng hukuman o ahensyang pang-administratibo ang tagasuporta mula sa pagkakaroon ng kontak sa nasa hustong gulang na may I/DD o napag-alaman na inaabuso, pinapabayaan, pinipuwersa, o minamaltrato ng tagasuporta ang indibidwal. Ang indibidwal ay hindi rin maaaring maging isang tagasuporta kung tinanggal sila bilang isang conservator dahil hindi sila kumilos para sa kapakanan ng indibidwal.

**Q12. Paano gumagana ang SDM sa mga conservatorship?**
A12: Bago maghirang ang hukom ng isang conservator, dapat magpasya ang hukom kung may mga alternatibo sa conservatorship. Ang SDM ay isang alternatibo na dapat isaalang-alang ng hukom. Kung napagpasyahan ng hukom na mabuting alternatibo ang SDM, hindi maghihirang ng conservator ang hukom.

Kung limitado ang mga kapangyarihan ng conservator, maaaring gamitin ang SDM para tulungan ang nasa hustong gulang na may I/DD na gumawa ng mga desisyon sa mga aspeto kung saan mayroon silang awtoridad sa paggawa ng desisyon. Ang lahat ng limitadong conservator ay kinakailangang suportahan ang kakayahang mamuhay mag-isa ng indibidwal. Kinakailangan din silang tumulong sa indibidwal sa paggawa ng kanilang sariling mga desisyon.